# Framework sa Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS: Pangangasiwa para sa Kakayahan

## NDIS Workforce Capability Framework: Supervising for Capability

## Filipino

Ang Framework sa Kakayahan ng mga Mangagawa sa NDIS o NDIS Workforce Capability Framework (ang Framework) ay naglalarawan ng mga saloobin, kasanayan at kaalaman na dapat asahan mula sa lahat ng mga manggagawa na pinondohan sa ilalim ng NDIS. Nagbibigay ito ng malinaw, praktikal na mga halimbawa at nagtatatag ng isang ibinahaging wika ng 'kung ano ang hitsura ng mabuti' para sa mga kalahok na tumatanggap ng mga serbisyo at suporta ng NDIS. Ang mga mapagkukunan ng impormasyon na ito ay sumusuporta sa Framework.

Ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa pangangasiwa ay isang hanay ng mga gabay at praktikal na mungkahi upang matulungan ang mga kalahok ng NDIS, mga tagabigay ng serbisyo (provider) at mga suportang manggagawa (support worker) para magtulungan upang maunawaan ng lahat kung paano dapat maihatid ang mga suporta at serbisyo. Tumutulong din sila sa mga talakayan kung paano naghahatid ng mga pagsuporta ang mga manggagawa upang matugunan ang mga pamantayan at pag-aasal na inaasahan ng mga kalahok.

*Ang mapagsuportang pangangasiwa ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang bumuo ng kasiyahan (satisfaction) ng manggagawa, pangako, pananatili at may-kalidad na pagsuporta sa kalahok. Ang pagtutulungan ay sumusuporta sa kakayahan para magkaroon ng pagpipilian ang mga kalahok at kontrol sa kanilang suporta, at ito ay susi sa pagsuporta sa mga provider at supervisor upang pamahalaan ang mga dapat asahan at matiyak ang paghahatid ng nararapat na mga pamantayan.*

### Ano ang dapat asahan

Ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa pangangasiwa ay dinisenyo upang matulungan ang mga organisasyon at manggagawa na bumuo at gamitin ang mga kakayahan na inilarawan sa Framework. Mga mapagkukunan ng impormasyon:

- Nagbibigay ng praktikal na patnubay at mga gamit (tool) upang itaas ang kalidad at pagkakapare-pareho ng pangangasiwa.
- Nagbibigay ng mga tip sheet, checklist at template upang suportahan ang mga senior leader, supervisor, manggagawa at kalahok na makibahagi sa pangangasiwa.
- Pinahihintulutan na ma-download at ma-edit ang mga template at dokumento upang umangkop sa mga indibidwal na pangangailangan.
- **Kapaki-pakinabang para sa**: mga NDIS na provider, supervisor, manggagawa at mga kalahok sa mga proseso ng feedback at pangangasiwa.

Ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa pangangasiwa ay suportado ng iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon sa Framework, mga tool at gabay.

Ang mga mapagkukunan ng impormasyon ay kapaki-pakinabang para sa mga kalahok ng NDIS, supervisor, provider at manggagawa at ito maaaring tumulong sa mga proseso ng feedback at pangangasiwa.

Maaari mong mahanap at i-download ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa anumang oras mula sa **website.**

NDIS Quality and Safeguards Commission

NDIS Workforce Capability Framework

Your guide to attitudes, skills and knowledge for NDIS work

## Pangangasiwa para sa Kakayahan sa pagsasanay:

Si Raham ay nagpapatakbo ng isang ahensya ng provider na kailangang matiyak na ang mga manggagawa at supervisor ay nakakatugon sa inaasahang mga pamantayan kapag naghahatid ng mga suporta ng NDIS sa mga kalahok. Naghahanap siya ng mga mapagkukunan ng impormasyon na tutulong sa kanya na magkaroon ng positibo at mapagsuportang kultura ng organisasyon na tunay na tinatanggap at itinataguyod ng mga lider at manager nito, lalo na sa pangangasiwa at pagsuporta sa kanyang mga manggagawa.

Ginagamit ni Raham ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa **Working Together Guide** upang suportahan ang kanyang mga lider at tagapamahala sa ahensya na maunawaan kung paano makipag-usap sa mga kalahok, manggagawa at supervisor at kung paano matutugunan ang mga dapat asahan ng kalahok.

Natutulungan niya ang kanyang mga lider at manager na suportahan ang pagpaplano ng mga talakayan sa kanyang mga kawani, at kung paano tumpak na magtakda ng mga dapat asahan at sukatin ang mga ito.

Itinataguyod ni Raham ang **Reflective Practice Tip Sheet para sa mga Supervisor at Manggagawa** at ang **Template ng Talaan ng Pagsusuri para sa mga Supervisor** upang magtatag ng ilang mahahalagang proseso ng pagsusuri ng empleyado.

## Pag-access at paggamit ng mga mapagkukunan ng impormasyon

Ang mga mapagkukunan ng impormasyon sa pangangasiwa ay pinakamahusay na ma-download sa iyong computer upang ma-access mo ang mga ito sa anumang oras.

**I-access ang mga mapagkukunan ng impormasyon:** Pangangasiwa para sa Kakayahan | Kakayahan ng mga Manggagawa sa NDIS (ndiscommission.gov.au)

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Framework o sa pagpapatupad nito, bisitahin ang website**:** https://workforcecapability.ndiscommission.gov.au/

**Makipag-ugnay sa:** workforcecapability@ndiscommission.gov.au o 1800 035 554.